

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inimbitahan ang mga residente na dumalo sa Riverwalk Area Urban Design Master Plan Public Information Session ng Lungsod

BRAMPTON, ON (Setyembre 25, 2020) – Iniimbitahan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente na sumali sa una nitong Riverwalk Area Urban Design Master Plan Public Information Session sa Huwebes, Oktubre 1 mula 6:30 hanggang 8 pm. Magkakaroon ang mga residente ng pagkakataon na matuto pa tungkol sa proyekto mula sa staff at consulting team at magbigay ng feedback.

Magaganap ang sesyon online, na may link para sumali sa pagla-live sa araw ng pagpupulong sa www.brampton.ca/riverwalk

Tungkol sa Riverwalk at sa Riverwalk Area Urban Design Master Plan

Ang Downtown Brampton ay nasa loob ng Etobicoke Creek floodplain. Ang mga patakaran ng lalawigan sa pangangasiwa sa panganib ay hanggang ngayon nagbabawal sa uri at dami ng development na maaaring maganap ngayon doon. Ang Riverwalk ay isang dalawang bahaging solusyon na pagtanggap ng mga panganib sa baha at paglikha ng bago, bukas na urban space na tutulong sa pagpapasigla ng downtown ng Brampton – ginawa itong mas malusog at mas sustainable at mas madaling nakakabangon.

Iniisip ng Riverwalk ang remade Etobicoke Creek sa lugar, na pinapaligiran ng pampublikong mga espasyo at mga parke na kinonekta ng Etobicoke Creek valley corridor at isang trail system. Inaasahan na magbubukas ito sa 3.6 milyong kwadrang piye ng residensyal, komersyal at retail na espasyo sa downtown, na lumilikha ng higit sa 23,000 trabaho at \$1.4 bilyong epekto sa GDP.

Ang Riverwalk Area Urban Design Master Plan ay master plan ng isang bukas na espasyo na bubuo ng mga konsepto para sa pagsasaayos ng imprastraktura sa baha, ang bukas na space system sa kahabaan ng lambak, integrasyon ng aktibong network ng transportasyon, pagiging sustainable ng kapaligiran at ekonomiya at mga usapin sa kalusugan ng publiko at programa at pagpapatupad ng pangkalahatang pananaw para sa Riverwalk.

Mga Quote

“Ang Riverwalk ay isang pampagbabagong proyekto para sa Brampton na tutulong sa atin na buksan ang potensyal ng ating downtown at magpatuloy sa pagpapaunlad ng isang sustainable, Green City. Hinihikayat ko ang mga residente na dumalo sa online Public Information Session para sa matuto tungkol sa proyektong Riverwalk at sa Riverwalk Area Urban Design Master Plan, at pwede niyong sabihin ang inyong saloobin sa kapana-panabik na inisyatibang ito.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang proyektong Riverwalk ay mahalaga para sa lahat ng Bramptonian, dahil gaganap ito ng mahalagang papel sa pagtiyak na ang downtown Brampton ay sustainable, malusog at madaling nakakabangon, at nakaka-enjoy para sa lahat ng naninirahan, nagtatrabaho at bumisita sa lugar. Hinihikayat ko ang mga residente na sumali sa Riverwalk Area Urban Design Master Plan Public Information Session, matuto ng mas marami pa at magbigay ng kanilang feedback.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang proyektong Riverwalk ay gagawa ng maraming bagay para sa Brampton, kabilang ang pagpapababa sa panganib sa baha, paglikha ng kaunlaran at paglikha ng mga trabaho, at mas pagpapaganda sa pampublikong espasyo ng downtown para mapapakinabangan ng lahat. Ang Riverwalk Urban Design Master Plan Public Information Session ay magbibigay ng pagkakataon para sa mga residente na mas matuto tungkol sa pampagbabagong proyektong ito, at hubugin kung ano ang hitsura ng Urban Design Master Plan para sa lugar.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Vice Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Mahalaga ang pakikilahok ng komunidad sa trabahong ginagawa natin, at sa panahon ng COVID-19 pandemic, nananatiling committed ang staff sa paghahanap ng input mula sa ating mga residente sa isang paraan na nagtataguyod sa kanilang kalusugan at kabutihan. Ang Riverwalk Area Urban Design Master Plan Public Information Session ay magbibigay ng ligtas na pagkakataon para sa mga residente na mas matuto tungkol sa proyektong Riverwalk at sa Riverwalk Area Urban Design Master Plan, at ipahayag ang saloobin nila.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca